REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Sangguniang Panglungsod**

**KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BILANG 96-307**

**KAPASIYAHAN NA KUMIKILALA KAY MANSUETO "ONYOK" VELASCO, JR. BILANG BAGONG BAYANI NG BANSANG PILIPINAS SA LARANGAN NG PALAKASAN.**

*************************************************************************************

**Ipinanukala ng : Lahat ng Miyembro ng Sangguniang Panglungsod**

*************************************************************************************

**SAPAGKAT,** sa nakaraang 1996 Centennial Olympic Games na ginanap sa Atlanta. Georgia. USA. ay nakamit ng ating kababayan mula sa Lungsod ng Bago na si Mansueto "Onyok" Velasco. Jr. ang gantimpalang "silver medal";

**SAPAGKAT,** ito ang pangalawang pagkakataon sa loob ng 32 taon na ang bansang Pilipinas ay magkamit ng "Silver Medal" sa Olimpiada mula noong manalo si Anthony Villanueva sa Tokyo Olympics noong 1964;

**SAPAGKAT,** napanood ng buong sambayanang Pilipinas ang kahusayan. katapangan. katalinuhan. katatagan at lakas ng loob na ipinamalas ni Mansueto "Onyok" Velasco Jr. sa kanyang pakikipagtunggali sa mga boksingero ng iba't - ibang bansa na kahit mas matataas sila ay kanyang mga tinalo;

**SAPAGKAT,** kahit na "Silver Medal" lamang ang nakamit ni Mansueto "Onyok" Velasco. Jr. sa laban niya kay Daniel Petron Bojilov ay sa damdamin. mata at puso ng ating mga kababayan ay siya ang tunay na nagkamit ng medalyang ginto at kinikilala bilang isang bagong bayaning Pilipino;

**SAPAGKAT,** ang mga nabanggit na kagitingan ni Mansueto "Onyok" Velasco. Jr. sa larangan ng boksing ang siyang nag-udyok sa Sangguniang Panglungsod ng Lungsod ng Muntinlupa upang kilalanin siya bilang isang bagong bayani ng ating bansang Pilipinas at maging halimbawa ng ating mga kabataan;

**NGAYON, DAHIL DITO,** ay buong pagkakaisang pinagtibay ng Sangguniang Panglungsod ang kapasiyahang ito na kumikilala kay Mansueto "Onyok" Velasco. Jr. bilang isang bagong bayani ng bansang Pilipinas sa larangan ng palakasan.

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ngayong ika - 12 ng Agosto. 1996 sa kanilang ika - 50 Regular na Sesyon.

**SINANG-AYUNAN:**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
Konsehal

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, City of Muntinlupa, Philippines
Tel. Nos. 842-25-25 (local 51) 842-26-64
Fax No. 842-61-96

# REPUBLIKA NG PILIPINAS
# PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
## KALAKHANG MAYNILA

**Sangguniang Panglungsod**

**Pahina -2-**
**Kapasiyahang Panglungsod Bilang 96-307**

**KGG. JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. VICENTE Y. CHUA**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng mga Punong Barangay

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**KGG. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

PINATUTUNAYAN:

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

Pinagtibay:

**KGG. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

Petsa: 8/15/96

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, City of Muntinlupa, Philippines
Tel. Nos. 842-35-35
(local 51) 842-26-64
Fax No. 842-61-96